

# Ugnayan ng mga Ugnayan: Ang Pag-usbong ng Ekokritisismo Bilang Batayang Kaisipan sa Panunuring Pampanitikan

Ian Mark P. Nibalvos  
Unibersidad ng Santo Tomas

## ABSTRAK

Ilan sa mga pinagsusumikapan sa mga pananaliksik ang makahanap ng mga teorya o kaisipan na maiaangkop sa karanasan ng mga táong paksa ng pag-aaral. Gayundin sa panitikan o panunuring pampanitikan, mahalaga ang paggamit ng mga teorya o kasipang mailalápat sa kaisipang taglay ng mga akdang pampanitikang Pilipino. Sa mahabang panahon, naikulong ang mga pag-aaral sa panitikan at pagsusuri sa mga akda sa laging pagtingin sa estruktura o elemento ng akda at sa kaugnayan ng akda sa karanasan ng isang mag-aaral o mambabasá at sa koneksiyon nito sa mga isyung panlipunan, madalas sa politika, sa kalagayang pang-ekonomiya, at sa usaping pangkasarian. Hindi laging nabibigyan ng tuon ang isang napapanahong paksa, ang ugnayan ng tao o ng Pilipino sa kaniyang kapaligiran o sa ekolohiya sa mas malawak na saklaw. Ito ang inihahain ng ekokritisismo bilang batayang kaisipan sa panunuring pampanitikan, ang tingnan ang mga ugnayang ito na nagdudulot ng pagbabago (maaaring masamá o mabuti) sa kalikásan o sa ekolohiya o *ecosphere*. Hindi lámang nito tinitingnan ang ugnayan ng tao sa kapuwa-tao, kundi ang ugnayan ng tao sa lahat ng bagay na bahagi ng sistemang tinatawag na ekolohiya o *ecosphere*. Makatutulong din ang ekokritisismo para sa ganap na pag-unawa sa mga akdang pampanitikan o sa mas epektibong pagsusuri sapagkat lapát sa karanasan ng mga Pilipino ang pakikipag-ugnayan nila sa kanilang kapaligiran o kalikásan.

**Mga Susing Salita:** *Panitikang Pilipino, Philippine Studies, Ecocritical Theory, Literary Studies, Environmental Studies*

“...to write about nature is to write about how the mind sees nature, and sometimes how the mind sees itself.” – Thoreau (mula sa artikulo ni Scott Slovic na “Nature Writing and Environmental Psychology,” sa *Ecocriticism Reader: Landmarks in Literary Ecology* nina Cheryl Glotfelty at Harrold Fromm)

## PAG-UNLAD NG EKOKRITISISMO

Matagal na panahon nang nababanggit sa kahit ano mang akdang pampanitikan ang mga paksa tungkol sa kalikásan. Napakaraming tula, maiikling kuwento, dula, at iba pang *genre* ng panitikan, pabigkas man o pasulat, ang naglalarawan sa ganda ng kalikásan at sa ugnayan ng mga organismo sa loob ng tinatawag na “ecology” subalit hindi ito napapansin sa pagsusuri. Mas binibigyan ng tuon sa mga panunuring pampanitikan ang ugnayan ng tao sa kaniyang kapuwa lámang o kaya naman ang mga isyung panlipunan tulad ng kasarian, uring panlipunan, usaping moral, at iba pa. Kamakailan lámang pumasok sa mundo ng panunuring pampanitikan ang pagtatanong at pagsusuri kung paano nga ba nakikisalamuha ang tao sa kaniyang kapaligiran o sa *ecosystem* (sa mga bagay, may búhay man o wala) at kung paano nagagamit ang panitikan upang ituon ng mga mambabsá ang pagsipat sa kapaligiran o *ecosystem*, ang mga ugnayang nakapaloob dito, at ang mga usaping nabubuo sa mga ugnayang ito.

Isinilang ang pampanitikang pag-aaral sa kapaligiran sa kalagitnaan ng dekada 80 at lumawak ito noong mga unang bahagi ng dekada 90 (Glotfelty at Fromm xvii). Ayon kay Glotfelty (sa Glotfelty at Fromm xvii) sa kaniyang artikulong “Literary Studies in an Age of Environmental Crisis,” pinangunahan ang kilusáng ito ni Frederick O. Waage nang kaniyang patnugutan noong 1985 ang *Teaching Environmental Literature: Materials, Methods, Resources* na kinapalolooban ng mga deskripsiyong pangkurso mula sa 19 na iskolar na nagláyong itanghal ang mas malawak na usapin tungkol sa kapaligiran at ang kamalayan nito sa larang ng panitikan. Sinundan naman ito ni Alicia Nitecki noong 1989 nang kaniyang itatag ang *The American Nature Writing Newsletter* na nagláyong ilathala ang mga sanaysay, mga pagsusuri sa aklat, mga talâng pangklasrum, at mga impormasyon na may kaugnayan sa pag-aaral ng pagsulat sa kalikásan at kapaligiran. Ayon pa sa nabanggit na artikulo, sa Amerika, nagsimula na ring isáma sa kurikulum ng mga kurso sa literatura ang mga pag-aaral tungkol sa kapaligiran. Ang ibang eskuwelahan ay nagsimula ding magbukás ng mga departamento o programa sa kalikásan at kultura, samantalang ang iba naman ay nagbukás ng mga kursong *minor* sa *Environmental Literature*. Noong 1990,

binuo naman sa University of Nevada ang kauna-unahang posisyon sa Literatura at Kapaligiran.

Nagtulóy-tulóy pa ang pagsusulong ng larang na ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng iba't ibang kaugnay na gawain. Inorganisa ni Harold Fromm ang isang espesyal na sesyon ng MLA noong 1991 na pinamagatang "Ecocriticism: The Greening of Literary Studies" at ang isang *symposium* noong 1992, ang "American Nature Writing: New Contexts, New Approaches" na pinangasiwaan ng *American Literature Association* (Glotfelty at Fromm xviii). Sinundan naman ito ng pagkakatatag ng *Association for the Study of Literature and Environment* (ASLE) na ang misyon ay ang pagsusulong sa pagpapalitan ng mga idea at impormasyong may kinalaman o kaugnayan sa literaturang nagbibigay-konsiderasyon sa relasyon ng mga tao at kalikásan; at ang pagganyak sa pagsulat tungkol sa kalikásan, ang paggamit ng mga tradisyonal at mga inobatibong iskolarling lápit sa literaturang pangkapaligiran, at ang pagsasagawa ng mga interdisiplinaryong pananaliksik tungkol sa kapaligiran (Glotfelty at Fromm xviii).

Noong 1993 naman, kinilala na ang mga ekolohikal na pag-aaral sa panitikan bílang isang institusyong kritikal (Glotfelty at Fromm, xviii). Nagsáma-sáma ang dáting magkakahiwalay na mga iskolar at mga mag-aaral sa gradwadong antas upang buoin ang isang pangkat na may layuning magsulong ng pagbabago sa propesyon (Glotfelty at Fromm xviii).

Sa mga kaisipang nabanggit, nilalayon ng papel na ito ang mas malalim na pag-unawa sa ekokritisismo at sa gampanin ng isang ekokritiko. Bílang isang banyagang modelo o ideolohiya, pagsusumikapang itulay ang mga kaisipang nakapaloob dito kung paano susuriin ang mga akdang pampanitikang Pilipino at ang pag-uuganay nito sa karanasang Pilipino sa kabuoan. Gámit ang deskriptibong pamamaraan, ilalatag dito ang mga ugnayang mahalagang siyasatin na umusbong sa iláng mga pag-aaral o saliksik, banyaga man o lokal, na mahalagang isaalang-alang sa pagpapalawak ng perspektiba sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga akdang pampanitikan.

## **ANG EKOKRITISISMO AT ANG EKOKRITIKO**

Pagsasaad ni Glotfelty (xviii), "...ecocriticism is the study of the relationship between literature and the physical environment." Ipinakikita sa isang akda o sa mga akda kung paano inilalarawan ang kalikásan, paano nagbabago-bago ang kapaligiran sa paglipas ng panahon, ano ang kinalaman ng agham sa pagsusuri ng mga akdang

pampanitikan, at ang interdisiplinaryong ugnayan ng mga araling pampanitikan at diskursong pangkapaligiran sa mga larang tulad ng kasaysayan, pilosopiya, sikolohiya, kasaysayan ng sining, at etika (Garrard 3). Ito, ayon pa kay Glotfelty (Branch 6), ay isang kaisipang pandaigdig na lapát sa pag-aaral ng panitikan. Nakasentro rin ang usapin ng ekokritisismo sa paglulugar sa tao sa mundong kaniyang ginagalawan at sa kaniyang pakikipag-ugnayan sa kaniyang kapuwa, sa kalikásan, at sa mga bagay na kaniyang kinakasangkapan upang mabúhay. Maging ang mga sistemang nalilikha sa kaniyang pakikipag-ugnayan tulad ng politika, ekonomiya, at kultura ay mahalagang nasisipat sa kritisismong pangkapaligiran. Paglalarawan nga ni Henry D. Thoreau (nasa Clark 4), “environmental criticism maybe extravagant – from the Latin for wandering beyond the boundaries.” Kung gayon, sa pagsusuri ng mga ugnayang ito, napalulutang ang malalaking isyung dulot ng pag-iral ng tao sa daigdig o sa espasyong kinabibilangan tulad ng usapin sa lahi, uring panlipunan, kasarian, wika, at iba pa. Sa madaling salita, hindi rin matatakdaan ng hangganan ang ugnayan ng tao sa kaniyang kapaligiran sapagkat nagbubunga ito ng marami pang usapin, pansarili man o panlipunan. Pagbibigay-diin ni Clark (5), “[t]he moral implicit behind ecocriticism however, necessarily commits it to take some kind of stance, however implicit, on the huge issue of what relationship human beings should have to the natural world.”

Idinidiin naman sa isa pang pagpapakahulugan ni Glotfelty (Branch 6) sa kaniyang papel na “What is Ecocriticism” na pinapaksa ng ekokritisismo ang interkoneksiyon ng kalikásan at kultura, lalo na ang mga kultural na *artifact* na wika at literatura. Sa pamamagitan ng konsepto ng kultura, naisasakonteksto ang mga usaping pangkapaligiran tulad ng *biosphere*, hangin, tubig, halaman, at hayop [maging ang tao] (Clark 4). Nalilimitahan sa mga akdang ekokritikal ang perspektiba ukol sa mga ideang pangkultura batay sa karanasan ng mga tao sa isang partikular na lugar. Kayâ mahalaga ang paglulugar o pagsasaalang-alang sa lugar sa kritisismong ito at ang pagkakaroon ng “sense of place” ayon kay Robert Hass (nasa Heise 28). Kinakailangan ang pagsisiyasat sa mga detalye ng *ecosystem* na kinabibilangan ng mga táong pinapaksa sa pagsusuri upang magkaroon sila ng rekoneksiyon sa mundong kanilang ginagalawan. Sinasang-ayunan ni Heise (28) ang paniniwalang ito ni Hass na ang batayán ng pag-unawang ekolohikal ay nakasasalalay sa lokal o sa lugar na kinabibilangan ng mga tao. Kaugnay din ito ng tinatawag na “bioregionalism” na batay kay Buell (83) ay tumutukoy sa heograpikal na pagpopook at sa pagpopook ng kamalayan. Pinalawig ang pagpapakahulugan nito ni Thomashow (121, nasa Buell 83) bílang isang pagtatangka na isáma o iangkop ang apilyasyong ekolohikal at kultural sa loob ng *framework* ng sensibilidad na nakabatay sa lugar.

Nakatuon din sa kultura ang katuturang ibinigay ni Thomas K. Dean (Branch 5) sa ekokritisismo. Kay Dean, ito ay pag-aaral ng kultura at mga produktong pangkultura tulad ng mga likhang-sining, mga sulatin, mga siyentipikong teorya, at iba pa na maaaring makapag-ugnay sa tao sa kaniyang kalikásan. Kung gayon, madaling sabihin na ang paglikha ng tao ng sining, tulad ng paggamit ng wika sa komunikasyon at ang paglikha ng mga akda (pabigkas man o pasulat), ay paraan ng pakikipag-ugnayan ng tao sa ibang mga nilalang o mga bagay na sákop ng kapaligiran o ekolohiya o ng lugar na kinabibilangan. Ang pagpapahalaga sa wika at panitikan ay pangangalaga sa kultura at pangangalaga na rin sa kalikásan sa kabuoan. Pagdurugtong pa ni Dean, ang ekokritisismo ay kasagutan din sa mga pangangailangan, suliranin, o krisis sa panahong umiiral ang pagsira o destruksiyon sa ating kapaligiran. Malaki ang tungkulin ng isang ekokritiko, hindi lámang upang magbigay ng puna sa isang bagay kapag nagsusuri ng isang teksto (halimbawa ng isang akda), sapagkat natutukoy niya ang mga suliranin o problema sa ating kapaligiran na hindi masyadong nabibigyan ng pansin ng karamihan at nangangailangan ng aksiyon ng mga tao o ng pamahalaan at ng kung sino mang nasa posisyon o kapangyarihan na magpapatupad ng mga hakbang upang pangalagaan ito. Nagiging boses ang mga ekokritiko upang ipamúlat sa mga tao ang kanilang tungkulin bílang kabahagi ng ekolohiya at ng kanilang ugnayan sa bawat bumubuo rito na may malaking epekto na maaaring humantong sa dalawang sitwasyon, ang pagkasira kung magiging mapagsamantala at ang pagpapanatiling maging buháy o malusog kung matututong maging responsable.

Mayroon ding paggigiit na hindi lámang dapat nasasaklaw ng ekokritisismo ang lokalidad kundi ang koneksiyon nito sa mas malawak na espasyo sa buong mundo. Sa paliwanag ni Heise (21), "...environmentalism needs to foster an understanding of how a wide variety of both natural and cultural places and processes are connected and shape each other around the world, and how human impact affects and changes this connectedness." Ito ang tinatawag ni Heise (21) na "sense of planet." Sa mas malawak na saklaw napag-uusapan ang isyung global na tumatalunton sa iba't ibang usapin tulad ng globalisasyon o modernisasyon lalo na ang patúloy na paghawak ng malalaking bansa o mga bansang nasa "global north" sa gahum ng politika at ekonomiya. Isinadiskurso ni Nixon (2) ang "slow violence" na may kinalaman sa pagkasira ng kapaligiran nang hindi namamalayan ng tao. Ito, ayon kay Nixon (2), ay may antalang epekto sa sangkatauhan dulot ng labis-labis nang pagkasira ng kapaligiran na maituturing na ring isang karahasan tulad ng pagtatapon ng iláng malalaking bansa ng kanilang mga basura sa mga bansang nasa "Third World" o "global south," ang nuklear na disrupsiyon dala ng pagsasagupaan ng malalaking bansa, ang pagtiwangwang ng mga lupa sa mga kanayunan (lalo na sa maliliit na

bansa) dahil sa epekto ng kapitalismo o industriyang itinatáyo ng malalaking bansa sa iba't ibang panig ng mundo na nagdudulot ng paglisan sa kabuhayang mayroon sa mga probinsiya o mga rehiyon kapalit ang pagtatrabaho sa mga lungsod, at marami pang iba. Sa ganitong sitwasyon, nadedehado ang mahihirap na tao o ang mahihirap na bansa. Ito ang tinatawag na "environmentalism of the poor" (Nixon 8) na tumutukoy sa mga táong walang-wala sa búhay bílang mga pangunahing biktima sa "slow violence." Kinakailangan ang pagsipat sa ganitong isyung global sa kritisismong pangkapaligiran dahil ayon kay Nixon (8), "[violence], above all environmental violence needs to be seen – and deeply considered – as a context not only over space, or bodies, or labor, or resources, but also overtime."

Malaki ang ginagampanan ng literatura sa masalimuot na sistemang global, sa pagsasalpukan ng enerhiya, *matter*, at mga idea. Kailangang maipaunawa ng mga akdang pampanitikan ang epekto ng tao at ng mga gawain ng tao sa kaniyang kalikásan, at ang pagkakaroon ng reporma sa mga sistemang etikal na dulot ng pandaigdigang krisis na nararanasan ng mundo sa kasalukuyan. Hindi lámang sa kritisismo ang silbi ng isang ekokritiko, malaki rin ang gampanin niya sa paglikha ng mga akda na nakapagbubukás ng kamalayan sa nararanasang krisis pangkapaligiran. Ang realidad o imaheng ipinakikita ng isang ekokritiko sa kaniyang mga likhang-sining tulad ng patúloy na pagtatambak ng basura kung saan-saan, ang polusyon sa hangin at mga katubigan, pagpuputol ng mga punò, pagpatay sa mga hayop, ang di-magandang pakikisalamuha ng tao sa kaniyang kapuwa na nagdudulot ng masamang epekto (direkta man o hindi) ay mga isyung hindi pinalalampas upang magbigay-kaalaman, pag-unawa, at realisasyon sa mga nakababása, nakakikita o nakaririnig sa mga ito.

Pumapasok sa mga pagpapakahulugang ito ang tungkuling ginagampanan ng isang ekokritiko. Ang pagpapalawak sa kamalayan ng mga tao ang pinakamahalagang responsibilidad ng isang ekokritiko (Glottfelty sa Branch 7). Mahalagang mahikayat ng mga ekokritiko ang iba na maging seryoso sa usaping ugnayan ng tao sa kaniyang kalikásan o sa mundong ginagalawan, tulad halimbawa ng mga problemang etikal at estetiko na dulot ng nararanasang krisis pangkapaligiran at kung paano nagagamit ang wika at panitikan sa paglilipat ng mga pagpapahalaga o *values* na may malaking implikasyong ekolohikal. Pagsusug pa ni Mark Schlenz (Branch 12) sa kaniyang artikulong "Survival Stories: Toward Ecology of Literary Criticism" na:

*...ecocritics should seek to transform academe by bringing it back into dynamic interconnection with worlds we all live in --- inescapably social and material worlds in which issues of race, class, and gender inevitably intersect in complex and multi-faceted ways with issues of natural resource exploitations and conservation.*

Nakaatang sa isang ekokritiko ang makapagdulot ng pagbabago lalo na sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa ugnayan ng tao sa sinoman o sa anomang bagay sa kaniyang kapaligiran. Subalit, higit pa sa pagbabágong maidudulot ng isang akda [o ng isang ekokritiko] sa mga tao, kinakailangan ding isipin kung paano sinasalamain at binibigyan ng pananaw ng mga tekstong pampanitikan ang kalikásan (Sarver sa Branch 9). Ang pagsusulát tungkol sa kalikásan at tanáwin (ng kapaligiran o *ecosystem* sa kabuoan), at ang interdisiplinaryong pag-aaral sa mga sulatíng ito, ay gumagalugad sa pinakapayak na paraan sa interseksiyon ng sining sa mga ritmo at tekstyur ng búhay sa daigdig. Ito ay napalilitaw sa pamamagitan ng pagbabalik sa lokal o sa mas simpleng pamumuhay sa probinsiya o rehiyon o sa mas natural na kalagayang taliwas sa búhay sa lungsod o industriyalisadong mga pook. Tinatawag ang pamamaraang ito ng pagtingin bílang “pastoral”. Sa mga salita ni Indrayanto (28), ito ay “idea of returning toward a simple and rustic village life as contrasted with the decadent of urban center...” Ngunit sa pagtinging ito ng isang ekokritiko, hindi lámang nakatuon ang pagsusuri sa perspektibang lokal kundi maging sa kung paano ito maikakawing sa mas malawak na pananaw o sa karanasang global (kung ano ang naidudulot ng mga pangyayari sa global na usapin o ang kabaligtaran nito). Sa pamamagitan ng paggalugad o pagtuklas na ito, magkakaroon ng malalim na resonansiya, maipahahayag ang mga pundamental na etikal na tanong, at mapalulutang ang pangangailangan sa maingat na pag-iisip kung paano mabuhay nang maayos at matalino. Nasa impluwensiya ng isang ekokritiko at ng ekokritisismo ang pagdudulot ng pagbabago gámit ang malikhain, masining, at matalinong paglikha ng mga akda.

## **PAG-USBONG NG EKOKRITISISMO SA PAGSUSURI NG MGA AKDANG PILIPINO**

Sa matagal na panahon ay nakulong ang ating atensiyon o tuon sa pagsusuri ng mga akda sa iláng mga paraan ng pagsusuri o kritisismo sa mga akdang pampanitikan. Nariyan ang labis na pagtingin lagi sa estruktura lámang ng akda, sa anyo nito o mga elementong taglay nito. Halimbawa, nakasanayan na sa pag-aaral ng tula na laging tingnan kung may súkat ba ito o wala, kung malayang taludturan ba o hindi, kung ilan ang bílang ng pantig sa isang taludtod o ilan ang bílang ng taludtod sa isang saknong, kung ano-ano ang mga simbolong ginamit ng may-akda at kung ano-ano ang mga talinghaga o tayutay na ginamit upang maging maganda sa

paningin o sa pagbigkas ng isang mambabasá. Hindi na rin nakalaya ang mga mag-aaral sa laging pagsipat sa kaugnayan ng nilalaman sa karanasan o kayâ naman sa mga naoobserbahan sa lipunan. Kúlang na kúlang ang pagtingin lagi sa ugnayan ng isang tao sa kaniyang kapaligirang ginagalawan lalo na sa kalikásan at ang ating tungkulin upang pangalagaan ito. Laging may pagkukulang o hindi pagbibigay-halaga sa edukasyong pangkapaligiran o sa ugnayan ng isang tao sa ibang bagay liban sa tao bílang bahagi ng isang malawak na kabuoan o ng ekolohiya o *ecosphere*. Sa bagay, nakaukit na sa isipan ng marami, lalo na ng mga guro, na ang mga asignaturang Filipino o Ingles ay para lámang sa mga usaping pangwika at ang panitikan naman ay para lámang sa pag-aaral ng mga akda. Malayo pa sa kamalayan ng lahat na maaaring magkaroon ng integrasyon ang mga asignatura, na maaaring ang konsepto sa agham tulad ng ekolohiya o *ecosphere* ay pagtuonan din ng pansin sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan. Subalit, mahalaga pa ring pag-usapan ang anyo o estruktura ng isang teksto sapagkat mayroon din namang kaugnayan ang estilo ng pagkakabuo nito sa kultura o karanasang pinagmumulan ng isang manunulat. Ngunit higit dapat na nabibigyan ng tuon ang mga usaping nakakabit sa teksto lalo na ang mga ugnayang kinasasangkutan ng tao sa kaniyang kapaligiran o sa *ecosystem* sa kabuoan.

Hindi masyadong kilalá ang ekokritisismo bílang isang lápit sa panunuring pampanitikan sa Pilipinas. Iilan pa lámang ang mga institusyong nagbibigay-tuon sa mga pag-aaral tungkol dito; ang mga unibersidad lámang siguro o mga kolehiyong may mga kursong kaugnay sa literatura. Hindi ganoon karami ang mga papel-pananaliksik na naisusulat sa larang na ito. Kayâ naman, makikita ang potensiyal ng lápit na ito na magamit sa pagsusuri ng mga akda hindi upang lumawak lámang ang ating kaalaman tungkol dito. Maganda ring nailalápat ito sa maraming akdang pampanitikang Pilipino sapagkat mayaman táyo sa kalikásan. Liban dito, sinsasakop na rin táyo ng mga isyu tungkol sa paninira at pag-abuso sa ating mga likás na yaman kayâ may malalim na pangangailangang maipalaganap ito sa ating bansa. Panahon na upang ibaling naman ang tingin ng mga tagasuri sa mga suliraning pangkalikásan lalo na ang pagtuturo sa mga eskuwelahan at ang pangangailangang iugnay rin naman ang perspektiba sa mga kaisipang matagal nang ginagamit sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan tulad ng realismo, romantismo, feminismo, marksismo, pananaw moralistiko, at kung ano-ano pa na mas magpapatingkad lalo sa ugnayan ng tao sa kaniyang kapaligiran tulad sa kapuwa at sa mga bagay na kaniya ring napakikinabangan sa pag-iral, may búhay man o wala.

Ang unti-unting pagpasok ng ekokritisismo sa kalibutan ng panunuring pampanitikan sa Pilipinas ay isang hakbang upang mapukaw ang maraming Pilipinong



natutulong o kayâ'y nagbibingi-bingihan sa mga usapin ng *climate change*, epekto ng maruming kapaligiran sa kalusugan ng tao, di matapos-tapos na usapin sa mga basura, *illegal logging* at pagmimina, polusyon sa hangin, dagat at lupa, at marami pang iba. Naumpisahan na ng iláng mga mananaliksik ang pagtalakay sa mga ito tulad ng mga sumusunod: “*Uran, Uran, Tagantan: Mga Babala sa Pagbago ng Klima sa Rawitdawit Bikol*” ni Paz Verdades M. Santos; “Representation of Inang Kalikásan in Mainstream Philippine Art: Liberating or Oppressing the Women?” ni Ramon Rafael M. Quiroz noong 2011; “The Surviving Sunset of Manila Bay and the Ethics of Environmental Justice in the Philippine Ecopoetry” ni Rina Garcia Chua noong 2016; at ang “‘Masdan Mo ang Kapaligiran’: Isang Ekokritikal Literaring Analisis” nina Freddielyn B. Montemayor, Estrella Y. Dacillo, Fe H. Mantong, Marlene B. Zarate, Vida R. Vistal, at Jan Eldrich M. Villalba noong 2019.

Sa papel-pananaliksik ni Paz Verdades M. Santos na “*Uran, Uran, Tagantan: Mga Babala sa Pagbago ng Klima sa Rawitdawit Bikol*” na nailathala sa *Malay Journal* noong 2011,” ginamit niya ang teorya ng ekokritisismo upang suriin kung may malikhaing tugon sa pagbuo ng klima ang panulaang Bikolnon ukol sa bagyo, kasáma na ang ulan, hangin at baha bílang palakop o *synecdoche* nito. Lumabas ang dalawang *motif* sa kaniyang pagsusuri, ang pagbagunas (isang uri ng matinding paglilinis) at paglaom (pag-asa). Positibo o optimistiko ang naging pananaw ng mananaliksik sa mga kaisipang ito na makukuha sa mga tulang Bikolnon. Sinabi ni Santos (74), na ang bagyo ay rituwal ng paglilinis, isang alegorya ng paglilinis ng sariling katawan, kaluluwa, tahanan, lipunan, at daigdig. Dagdag pa niya, kailangang linisin ang dumi sa mundo upang ito’y maging bago at dalisay muli. Samantala, nagsisilbi naman itong pag-asa sa pagtingin sa sakuna at sa kamatayang dulot nito bílang simula ng mas matagal na búhay sa yakap ng Panginoon. May relihiyosong alusyon ang bagyo ng pagwasak at pagtubos, pagkamatay at muling pagkabuhay (Santos 74). Sa kaniyang paglalahat, ipinakikita ng pagbagunas at paglaom ang paraan ng Bikolnon na makaraos sa búhay, na maligtas nang hindi nasisira ang ulo sa kaiisip sa hinaharap. Sa kabuoan, masasabing ekosentrik ang mga rawitdawit dahil hinihimok nito ang mga mambabasá na akuin ang kaliitan ng tao sa *ecosphere*, at harapin ang responsibilidad nila sa ekolohiya (Santos 75). Kung gayon, ang mga ekotulang Bikolnon ay malaki ang tulong sa mga alagad ng agham sa paglaban sa pagbabago ng klima.

Ekofeminismo naman na isang sangay ng ekokritisismo ang tuon ng pananaliksik ni Ramon Rafael M. Quiroz na “Representation of Inang Kalikásan in Maintream Philippine Art: Liberating or Oppressing the Women?” na inilathala sa Dalumat E-journal noong 2011. Iniuugnay ang isang babae o ang kababaihan sa

kalikásan at madalas ding ginagamit ang katawagang “Inang Kalikásan” sa mga likhang-sining tulad ng mga pinta at mga akdang pampanitikan. Sa Pilipinas, ayon kay Quiroz (53), madalas na maiuugnay ang kababaihan sa kalikásan at inaasahan sa kanila ng lipunang Pilipino na magkaroon ng maliit o payat na pangangatawan (“*sexy*” ika nga), maganda, mahinhin, at matiisin o may kakayahang umangkop sa anomang sitwasyon. Inaasahan din sa kanila ang pagiging maalaga sa kanilang pamilya (Quiroz 53). Ang pagbibigay-katangian sa kababaihan sa ganitong paraan batay sa iláng mga feminista ay pagtuturing sa kanila ng isang patriyarkal na lipunan na iyon lámang ang kanilang nararapat taglayin o ang paglilimita sa kanilang mga pontensiyal. Ito ay isang paraan ng opresyon sa kababaihan dahil binibigyan lámang sila ng hanggahan sa kung ano ang dapat na kanilang ikilos o gawin at senyales din ito ng hindi pantay na pagtrato sa kanila dahil sa pagkakait sa kanila sa mga pribilehiyong ibinibigay sa mga kalalakihan lámang.

Ekopanulaan din ang naging tuon ng papel ni Rina Garcia Chua na “The Surviving Sunset of Manila Bay and the Ethics of Environmental Justice in Philippine Ecopoetry” na inilathala naman sa *AKDA: Asian Journal of Literature, Culture, Performance* noong 2016. Pinapaksa dito ni Chua ang *environmatal justice* sa pamamagitan ng estetika ng panulaan. Ayon sa kaniya, nagtataglay ang ekopanulaan ng mga estetika ng *environmental justice* sa pamamagitan ng mga salita, estruktura, at wikang ginagamit nito (Chua, 56). Sa sitwasyong nararanasan ng bansa hinggil sa pananamantala ng tao sa kaniyang kapaligiran, naniniwala si Chua na ang ekopanulaan ay nagiging paraan ng pagpapahayag ng kaligtasan mula sa pang-aabuso at in hustisyang nararanasan. Epektibong kagamitan ang ekopanulaan sa pagtiyak na ang hustisyang pangkapaligiran ay naibubulalas sa ating mga bibig hanggang sa ito’y maitanim sa ating mga kamalayan (Chua 61). Sa kaniyang lagom, sinabi ni Chua (62) na binubuksan ng mga ekomakata na sina Betran at Rotor (ang mga mayakda ng mga ekotulang sinuri sa artikulo) ang usapin ng *environmental justice* sa ekokritisismong Pilipino. Malaki ang pag-asang nakikita na sa pamamagitan ng mas malawak pang pag-aaral ng hustisyang pangkapaligiran sa panulaan, ang kapasidad na makita ang mga katotohanan bilang testimonyal na kasangkapan sa pagpapabuti ng *environmental justice system* ay patúloy pang uunlad.

Sa artikulo naman nina Freddielyn B. Pontemayor, Estrella Y. Dacillo, Fe H. Mantong, Marlene B. Zarate, Vida R. Vistal, at Jan Eldrich M. Villalba na nailathala sa *Dalumat E-Journal* noong 2019 na “Masdan Mo ang Kapaligiran’: Isang Ekokritikal Literaring Analisis,” inisa-isa nila ang iláng mga isyung pangkapaligiran na may kaugnayan sa liriko ng awiting “Masdan Mo ang Kapaligiran” ng bandang ASIN.

Nabanggit ang pagtatapon ng iláng bansa ng mga basura sa ating kapuluan, ang pag-usbong ng mga industriya sa bansa gámit ang mga likás na yamang puhunan sa pagpoproseso ng mahahalagang kagamitang pinagkakakitaan ng iláng mamamayan na nagdudulot din ng pagkasira ng kapaligiran, at ang isyu ng pagmimina at ang lumalalang epekto nito sa kagurangan at sa kultura't tradisyon ng mga katutubo. Ang mga kalamidad na nararanasan ng tao tulad ng mga bagyo (ilan sa mga nabaggit sa artikulo ay ang Bagyong Sendong (2011), Bagyong Pablo (2012) at Bagyong Yolanda (2013) na nag-iwan ng malalaking pinsala sa Lungsod Cagayan at Iligan, New Bataan at Compostella Valley, at Lungsod Tacloban) ay itinuturing na pagganti ng kalikásan sa pananamantalang ginagawa ng tao. Isang malaking hamon naman para sa lahat ang awitin ng ASIN (Pontemayor, et al. 47). Ang pagkabúhay ng awitin sa kaniyang pagkakahimbing ay isang pag-anyaya na pakilusin ang bawat indibidwal sa nararapat na aksiyon sa nakakaalarma't nakagigimbal na suliraning pangkalikásan na kinahaharap ng ating bansa sa kasalukuyan.

Malinaw na ang mga pag-aaral sa Pilipinas sa ekokritisismo ay nakapokus sa mga suliraning pangkapaligiran at ang naidudulot ng mga ito sa tao na tumatalunton sa iba't ibang isyung panlipunan tulad ng partikular sa lokal na karanasan sa pagharap sa mga suliranin dulot ng mga sakunang pangkalikásan, usapin sa kasarian, at ang patúloy na pananamantala ng mayayamang bansa sa mga bansang nasa "global south" tulad ng Pilipinas. Malinaw na nailalahad sa mga pananaliksik ang usapin ng lugar o ang pagpopook ng mga konseptong ekokritikal at ang ugnayan ng mga ito sa mga puwersang panlabas o usaping global. Masasabing ang mga pag-aaral sa larangang ito ng pagsusuri sa mga akda at iba pang likhang-sining ay umaayon sa karanasan, kaayusan ng lipunan at kapaligiran o kalikásan ng pook o lugar na paksa ng mga pag-aaral o pananaliksik. Naipakita sa inilalahad na mga papel ang kaugnayan ng tao sa di-tao katulad ng kung paano inaalagaan o winawasak ng tao ang kalikásan at mga bagay sa kapaligiran. Saklaw din ng pagsusuring ekokritikal sa Pilipinas ang paniniwala o pananaw ng mga tao na bahagi ng kanilang kultura tulad ng paniniwala ng mga Bikolnon sa búhay at sa kalikásan na para sa kanila, ang kalamidad ay isang positibong bagay na nagbibigay ng pag-asa sa mga tao o sa mga Bikolnon. Kung gayon, umaangkop din ang ekokritisismo sa mga usaping pang-ekolohiya o pangkapaligiran na mayroon ang isang lugar o lipunan. Napalilitaw sa mga akda o sa mga pagsusuri sa mga akdang pampanitikan gámit ang ekokritisismo ang karanasan ng mga tao sa isang partikular na espasyo at panahon.

## ANG EKOKRITISISMO SA PANITIKAN AT PANUNURING PAMPANITIKAN

Masalimuot ang aralin sa ekokritisismo dahil iba-iba ang nagiging pananaw ng mga táong nasa likod nito. Napakarami rin nitong sangay tulad ng unang mga nabanggit gaya ng ekofeminismo, *deep ecology*, *queer ecology*, *environmentalism*, *social ecology*, at *eco-marxism*. Sinasaklaw na rin nito ang mga usaping politikal tulad ng mga karahasang higit na nagpapahirap sa mahihirap lalo na sa mga bansang nasa “global south” dahil sa pananamantala ng mayayamang bansa o “global north”, isang sitwasyong tinatawag na “environmentalism of the poor” (Nixon 8). Sa layuning mapalawak pa ang ideolohiyang ito, napagtutulay-tulay rin nito ang tungkulin ng bawat mamamayna sa iba’t ibang bahagi ng mundo sa pangangalaga sa kapaligiran na tinatawag ni Shiva (1) na “Earth democracy” o ang pagkilála na táyong lahat ay bahagi ng pamilyang pandaigdig at may karapatan sa *matrix* ng búhay na nakapaloob dito. Nakaugat ito sa paniniwala ni Isho Upanishad (nasa Shiva 14) na:

*the Universe is the creation of supreme power, and is meant for the benefit of all creation, each life form must therefore learn to enjoy its benefits by forming a part of the system in close relationship with other species, not let any one species encroach upon the rights of other. Enjoy the gifts the earth without greed.*

Dahil sa tulak ng globalisasyon, pinagsumikapan ng mga kanluraning iskolar lalo na sa Amerika ang paghulagpos ng ekokritisismo mula sa kanluran túngo sa iba pang mga kontinente o bansa sa daigdig. Sa pagdidiskurso ng transnasyonal na konsepto o transnasyonalismo, naipauunawa ang pagkakaiba-iba ng kultura o dibersidad o ang pagiging multikultural ng mundo bilang solusyon sa mga suliraning pangkapaligiran at pampolitika (Heise 383).

Iba-iba ang sandigang batayán ng ugnayan ng bawat teoryang nababanggit: may ugnayan ng tao sa di-tao, ugnayan ng tao sa pisikal na kapaligiran, ugnayan ng kababaihan sa kalikásan, ugnayan ng tao sa *ecosphere*, at marami pang iba. Ika nga, ito ang ugnayan ng mga ugnayan. Walang pagtitiyak ang mga ekokritiko sa tuon ng usapin sa ekokritisismo. Sa patúloy na pag-unlad ng panitikan at panunuring pampanitikan, lalong nagsasanga-sanga ang direksiyon at tuon nito. Ito ang potensiyal ng kaisipang ito sa larang ng panitikan sa Pilipinas sapagkat napalolooban ito ng mga isyung lokal sa mga usapin ng ugnayan ng tao sa kaniyang kapaligiran at sa kaugnayan din nito sa mas malawak na espasyo (perspektibang global). Bilang isang bansang napalilibutan ng karagatan at kabundukan, ang pagiging pulo-pulo ng Pilipinas; ang karanasang kolonyal at ang patúloy na pagkatali sa impluwensiyang kanluranin;

at ang patúloy na hidwaan ng mga pangkat dahil sa pagkakaiba-iba ng wika, kultura, relihiyon, antas sa buhay, at iba pa; ay ilan lámang sa mga paksang mapagyyaman sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan.

Kung titingnan natin ang nagiging layunin sa paggamit ng pagsusuring ito sa iláng mga akdang pampanitikan, ang pagpukaw sa kamalayan ng tao ang tinutumbok nito upang magkaroon sila ng pagpapahalaga at pangangalaga sa mabuting pag-uugnayan ng mga nilalang na kabílang sa isang partikular na kapaligiran o *ecosystem*. Pinupukaw ng mga ganitong diskurso sa panitikan ang natutulog na isip at damdámín ng mga tao dahil sa kanilang patúloy na pagsira sa mga ugnayang ito tulad ng pagsira sa kalikásan at hindi pantay na pagkilála sa karapatan ng bawat mamamayan. Nagiging bores ang mga akdang may tema ng kalikásan upang punahin ang mga maling ginagawa ng mga tao o maling pakikitungo ng tao sa isa't isa, turuan siláng tugunan ang suliranin sa pagbabago sa kapaligiran o *ecosystem* tulad ng mga penomenong *climate change* at hindi balanseng pagkonsumo ng mga likas-yaman, at hikayatin siláng kumilos túngo sa responsableng pakikipag-ugnayan sa bawat nilalang. Kinakailangan ang mga ganitong sulatín sa panitikan at panunuring pampanitikan upang sa muli't muli ay mapaalalahanan ang mga tao, lalo na ang mga mambabasa sa sitwasyon ng lipunan sa kasalukuyan.

## **PAG-AANGKOP NG EKOKRITISISMO SA KARANASANG PILIPINO**

Malaki ang maiaambag ng pagsusuring ito sa mas malawig pang pag-aaral sa Panitikang Pilipino. Ang ating bansa ay pinagkalooban ng napakayamang kalikásan kaya naman masasabing marami sa mga akdang Pilipino ang naglalaman ng mga tema tungkol sa kalikásan o kapaligiran. Bahagi ng karanasang Pilipino ang makipag-ugnayan sa kaniyang kapaligiran tulad ng paghahanapbuhay, pagsasáka, pangngisda, pagdaraos ng mga pagdiriwang, at kung ano-ano pa.

Kung babalikán natin ang pahayag sa panimula ng artikulo, tunay nga na ang mga akda tungkol sa kapaligiran ay sumasalamin sa pag-iisip o paghaharaya ng mga táong nakatira sa isang partikular na lugar. Masisilayan sa kanilang mga akda ang kanilang mga karanasan lalo na ang kanilang relasyon sa kanilang kapaligiran o kalikásan at sa mga nilalang na nakaloob dito. Kung kayâ, malawak na mapag-uusapan ang ekokritisismo bílang isang larang ng panunuring pampanitikan sapagkat ang tao ay laging may inter-aksiyon hindi lámang sa kapuwa tao kundi maging sa mga bagay na nakapalibot sa kaniya. Malaki ang epekto ng kalikásan sa tao sapagkat malaki ang bahagi nito sa paghubog ng kaniyang pagkatao. Gayundin, may kaugnayan

ang tao sa kaniyang kalikásan dahil nasa kaniyang mga kamay ang ikapananatili ng kaayusan sa mga ugnayang nabubuo sa loob ng sistemang ito.

Bagama't nagmula ang kaisipang ekokritisismo sa mga dayuhan, masasabing lapát na lapát naman ito sa karanasang Pilipino sapagkat malaki ang halaga ng kapaligiran o kalikásan sa mga Pilipino. Ito ang kanilang pinagkukunan ng kabuhayan, ito ang nagbibigay sa kanila ng inspirasyon upang makalikha ng mga akda, ito ang batayan ng ilan sa kanilang mga paniniwala, at maraming bagay din na kanilang nakikita at nararanasan ay binibigyan nila ng simbolong batayán ng kanilang mga kaisipan. Dahil dito, mas angkop ang ganitong pagsusuri sa iláng mga akdang pampanitikan upang tingnan ang ugnayan ng mga Pilipino sa kanilang kapaligiran o kalikásan o ang kabaligtaran nito at ng iba pang mga ugnayang sákop ng buong sistemang tinatawag na ekolohiya o *ecosphere*. Mas magiging madali ang pag-unawa sa mga akda kung nailalápat ito sa karanasan ng mga Pilipinong mag-aaral o ng mga kritiko o mananaliksik na Pilipino. Hindi masamá ang panghihiram ng mga teorya o kaisipang banyaga lalo na sa pagsusuri ng ating mga akda o iba pang likhang-sining kung ito ay makatutulong sa ganap na paggalugad sa karanasan at kaisipang Pilipino. Subalit hindi rin dapat na naisasantabi ang mga umuusbong na pag-aaral ng mga Pilipino sa larang na ito upang itukod sa mga mabubuon kaisipang Pilipino sa ekokritisismo.

#### TALASANGGUNIAN

- Branch, Michael., et al. *Defining ecocritical theory and practice: Sixteen position papers*. 1994 Western Literature Association Meeting, Salt Lake City, Utah.
- Buell, Lawrence. *The Future of Environmental Criticism: Environmental Crisis and Literary Imagination*. Malden, MA: Blackwell Pub, 2005.
- Chua, Rina. The Surviving Sunset of Manila Bay and the Ethics of Environmental Justice in the Philippine Eco-poetry. *AKDA: The Asian Journal of Literature, Culture, Performance*, vol. 1, no. 1, 2016, pp. 49-63.
- Clark, Timothy. *The Cambridge Introduction to Literature and the Environment*. 2010.
- Garrard, Greg. *Ecocriticism: The New Critical Idiom*. 2012.
- Glotfelty, Cheryl and Harold Fromm. *The Ecocriticism Reader: Landmarks in Literary Ecology*. 1995.
- Heise, Ursula K. "Ecocriticism and the Transnational Turn in American Studies." *American Literary History*, vol. 20, 2008, pp. 381 - 404.
- Heise, Ursula K. *Sense of Place and Sense of Planet: The Environmental Imagination of the Global*. 2008.

- Nixon, Rob. *Slow Violence and the Environmentalism of the Poor*. Cambridge, Mass: Harvard University Press, 2011.
- Phillips, Dana. *Ecocriticism, literary theory, and the truth of ecology*. New Literary History, 1999.
- Pontemayor, Freddielyn., et al. Masdan Mo ang Kapaligiran: Isang Ekokritikal Literaring Analisis. *Dalumat Ejournal*, vol. 5, no. 2, 2019, pp. 38-50.
- Quiroz, Ramon Rafael. Representation of Inang Kalikásan in Mainstream Philippine Art: Liberating or Oppressing to Women. *Dalumat Ejournal*, vol. 2, no. 2, 2011, pp. 49-60.
- Santos, Paz Verdades. Uran, Uran, Tagantan: Mga Babala sa Pagbago ng Klima sa Rawitdawit Bicol. *Malay*, vol. 24, no. 1, 2011, pp. 65-79.
- Shiva, Vandana. Earth Democracy: Sustainability, Justice and Peace. *Buffalo Environmental Law Journal*, vol. 1, no. 26, 2019, pp. 1-15.
- Speek, Tiiu. "Environment in Literature: Laurence Buell's Ecocritical Perspective." *Koht ja paik/Place and Location*. Ed. Virve Sarapik and Kadri Tüür. Estonian Academy of Arts. 2000

## TUNGKOL SA AWTOR

Si **IAN MARK P. NIBALVOS** ay instruktur sa Filipino sa Departamento ng Filipino ng Unibersidad ng Santo Tomas. Siya rin ay isang mananaliksik at tagasalin. Kabilang sa kaniyang mga interes sa pananaliksik ay mga paksang may kinalaman sa Panitikang Waray o Panitikan ng Pilipinas, kritisismong pampanitikan, kultura, identidad, wika, at pagsasalang teknikal. Ang ilan sa kaniyang mga papel-pananaliksik ay nailathala na sa iba't ibang journal tulad ng "Pagpapahalagang Pilipino sa mga Piling Siday ng San Julian, Silangang Samar" sa *Bannag – A Journal on Local Knowledge* ng University of Saint Louis, Lungsod Tuguegarao noong 2018; "An mga Siday han mga Samarnon ug Leytenhon: Identidad, Kasaysayan, Mga Isyu, at Kalagayan Nito sa Kasalukuyan," sa Malay ng De La Salle University – Manila noong 2018; "An San Juliananon: Pagpapahalagang Pilipino sa mga Piling Siday Tungo sa Pagbubuo ng Kaakuhang Pilipino," sa *Hasaan: Ang Opisyal na Journal sa Filipino ng Unibersidad ng Santo Tomas* noong 2019; at ang "Lipunan at Panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa Pagbubuo ng Literaturang Pambansa" sa *Malay* noong 2019. Naging bahagi rin siya ng proyektong "*Wow Filipino*" ng Vibal Publishing, serye ng teksbuk sa Filipino para sa Junior High School. Napabilang din siya sa *2nd International Writing Fellowship for Social Health Studies* ng Research Center for Social Sciences and Education ng UST at Nagoya University & Access Health International.